

Mga FAQ sa Muling Pagpupuwesto ng Pampublikong Pabahay (RAD/Seksyon 18) – Silverada Manor

Mga Nilalaman

Mga Kasangkapan sa Muling Pagpupuwesto	1
Iyong Tulong.....	4
Relokasyon.....	5
Saklaw ng Trabaho.....	7
Mga Programa ng Residente Matapos ang Muling Pagpupuwesto	7
Mga Tugon sa mga Tanong sa Pulong ng Residente noong Abril 4, 2023	8

Sa ilalim ay isang listahan ng mga tugon para sa Karaniwang Mga Tanong (FAQ) na kaugnay sa Proyekto ng RAD/Seksyon 18sa Silverada Manor. Kung mayroon kang iba pang mga katanungan, mangyaring ipadala ang mga ito sa pamamagitan ng isang email sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng RHA sa silvproject@renoha.org.

Mga Kasangkapan sa Muling Pagpupuwesto

Q: Ano ba ang Muling Pagpupuwesto ng Pampublikong Pabahay?

A: Ang muling pagpupuwesto ng pampublikong pabahay ay tumatangal sa isang complex mula sa programa ng pampublikong pabahay at inililipat ito sa Programang Seksyon 8. Maaaring piliin ng isang awtoridad sa pabahay na muling ipuwesto ang isa o lahat ng pampublikong pabahay nito patungo sa Programang Seksyon 8. Ginagawa ito ng mga awtoridad sa pabahay upang maganap ang mga kinakailangan na pagpapabuti ng kapital na hindi sapat na pinondohan ng HUD at upang tiyakin na ang pangmatagalan na abot-kayang presyo ng complex sa ilalim ng mas matatag na Programang Seksyon 8.

Q: Ano ba ang RAD?

A: Ang RAD ay nangangahulugang Rental Assistance Demonstration at ito ay isa sa mga kasangkapan ng muling pagpupuwesto na inialok ng HUD. Nagbibigay ang RAD sa mga awtoridad ng pabahay ng kakayahan na bigyang-pansin ang mga hindi natugunang mga kapital at/o pinansyal na pangangailangan ng kanilang pampublikong pabahay na mga ari-arian. Tumutulong ang programa na magbigay ng katatagan para sa pagpapanatili at pangmatagalan na abot-kayang presyo ng mga ari-arian sa pamamagitan ng paglipat nito mula sa pampublikong pabahay patungo sa Seksyon 8 na programa.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

Q: Ano ba ang Seksyon 18?

A: Ang Seksyon 18 ay isa pang kasangkapan ng muling pagpupuwesto na inialok ng HUD. Ang Seksyon 18 ay ginagamit din ng mga awtoridad sa pabahay upang bigyang-pansin ang mga pangangailangan sa kapital at tiyakin ang pangmatagalan na abot-kayang presyo ng pampublikong pabahay na complex sa pamamagitan ng pagtanggap nito sa pampublikong pabahay na programa.

Q: Napag-isipan na ba ng RHA ang tungkol sa muling pagpupuwesto ng pampublikong pabahay nito?

A: Ang RHA ay lumulikha ng isang plano na *maaaring* kabilang ang muling pagpupuwesto ng pampublikong pabahay ng RHA, pero walang huling plano ang pormal na ginamit. Subalit, sa susunod na mga buwan, mag-aaplay ang RHA para sa kombersyon sa RAD/Seksyon 18 ng Silverada Manor.

Q: Ano ba talaga ang ibig sabihin sa paglipat ng pampublikong pabahay sa programa ng Seksyon 8?

A: Sa ilalim ng RAD, ito ay nangangahulugan na bawat yunit ay magkakaroon ng isang Seksyon 8 na voucher na kaugnay nito. Ang mga voucher na ito ay mga Project Based Voucher (PBV). Titiyakin ng voucher na ang pamilyang naninirahan sa yunit ay magbabayad ng upa batay sa kanilang kita, tulad ng ginagawa nila sa ilalim ng pampublikong pabahay na programa. Sa ilalim ng Seksyon 18, ang awtoridad sa pabahay ay bibigyan ng mga Tenant Projection Voucher (TPV) para sa bawat naapektuhang yunit sa lugar. Ang mga TPV na ito ay mababatay sa proyekto sa lugar. Sa kabuuan, ang mga binagong yunit ay sumasailalim sa programang Seksyon 8 bilang mga Project Based Voucher (PBVs).

Q: Ano ba ang kaibahan sa pagitan ng Housing Choice Voucher (HCV) na batay sa nangungupahan at ng Project Based Voucher (PBV)?

A: Ang isang HCV na batay sa nangungupahan ay iginagawad sa isang tao at ang abuloy ay madadala ng taong iyon sa kanyang yunit na piniling arkilahin. Kung lilipat sa huli ang taong iyon, ang pantulong na voucher ay madadala nila ito upang magamit sa bagong yunit. Ang PBV voucher ay kaugnay sa yunit, hindi sa taong naninirahan sa yunit. Kung ang nangungupahan sa yunit na PBV ay umalis sa ari-ariang iyon, ang voucher (aka abuloy) ay nananatili sa yunit at magagamit ng bagong nangungupahan na lilipat sa yunit na iyon.

Q: Ano ba ang Choice Mobility sa ilalim ng programang RAD?

A: Nagbibigay ang Choice Mobility ng pagkakataon para sa tagahawak ng RAD PBV na humingi ng HCV na batay sa nangungupahan pagkatapos ng 12-buwan na pag-arkila. Isaalang-alang ng RHA ang bawat paghingi ng HCV na batay sa nangungupahan ayon sa pagpopondo at paggamit ng programa sa oras ng paghingi. Ang mga taong nagpasya na isagawa ang Choice Mobility ay ilalagay sa unahan ng HCV waitlist upang makatanggap ng voucher na batay sa nangungupahan. Ang opsyong ito ay bukas din sa ibang tagahawak ng PBV.

Q: Makaka-port (makakalipat) ba sa ibang lungsod o estado ang mga residente na nakapagtapos ng isang taong kontrata sa pag-arkila gamit ang PBV at humingi ng HCV na batay sa nangungupahan sa ilalim ng Choice Mobility kapag natanggap nila ang kanilang HCV na batay sa nangungupahan?

A: Ang porting ay nalalapat kung ang mga residente na may HCV na batay sa nangungupahan ay nagnanais na lumipat sa ibang lokasyon sa labas ng sakop ng kanilang kasalukuyang awtoridad sa pabahay. Kapag nakatanggap ang pamamahay ng isang voucher na batay sa nangungupahan, maaari silang mag-aplay na lumipat sa iba pang awtoridad sa pabahay sa Estados Unidos gamit ang voucher na programa. Pinapanatili ng bawat awtoridad sa pabahay ang mga tuntunin nito, subalit, ang masusing pananaliksik sa iba pang mga awtoridad sa pabahay at sa pook na ninanais mong lumipat ay mahalaga sa paggawa ng kabatirang pagpapasya na pinakamabuti sa iyo at iyong pamilya.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

Q: Paano ba kasangkot ang mga residente sa proseso ng kombersyon?

A: Bago maka-aplay ang RHA sa HUD upang muling ipuwesto ang alinmang complex ng pampublikong pabahay, inoobliga ng HUD na bigyan namin ng abiso ang lahat ng mga residente sa loob ng complex tungkol sa aming mga plano at magsagawa ng kahit dalawang mga pulong kasama ang mga residente. Ang mga pulong na ito ay isang pagkakataon para sa iyo na talakayin ang ipinanukalang plano ng kombersyon, magbigay katanungan, magpahayag ng mga suliranin, at magbigay ng mga komentaryo. Maraming mga pulong ng residente ang magaganap habang patuloy ang RHA sa proseso ng kombersyon. Patuloy kang makakatanggap ng mga bagong balita habang nagaganap ang proseso at mabibigyan ng maraming mga pagkakataon.

Mangyaring huwag mag-atubiling kumausap sa kahit sinumang tauhan ng RHA o magpadala ng email ng mga tanong mayroon ka sa

silvproject@renoha.org

Q: Ano ang mangyayari kung ang isang complex ay hindi muling nagpupuwesto?

A: Ang mga complex na hindi muling ipupuwesto ay patuloy na gagana bilang pampublikong pabahay, tulad ng nangyayari sa kasalukuyan. Kung magpapasya ang RHA na hindi muling ipupuwesto ang isang partikular na complex, ito ay dahil dama ng RHA na ang pampublikong pabahay na programa ay matutugunan ang mga pangangailangan sa kapital at ang operasyon ng complex kahit nang walang muling pagpupuwesto.

Q: Muli bang mapupuwesto lahat ng mga complex ng pampublikong pabahay?

A: Hindi pa kami sigurado. Sa kasalukuyan, ang RHA ay nagpapalano na muling ipuwesto ang Silverada Manor sa pamamagitan ng kombersyon ng RAD/Seksyon 18 at ang Hawk View Apartments sa pamamagitan ng kombersyon ng Seksyon 18. Tatantyahin ng RHA ang bawat lugar ng pampublikong pabahay upang matiyak ang pinakamabuting hakbang ayon sa pangangailangan ng lugar.

Q: Bakit ba inuuna ang muling pagpupuwesto ng ilang mga ari-arian ngayon at saka na ang iba?

A: Ang prayoridad na listahan ng muling pagpupuwesto sa ari-arian ay nakabatay sa mga maraming salik kabilang ang katagalan ng ari-arian, bilang ng mga yunit, kondisyon ng lugar, inaasahang pinansyal na epekto at marami pang iba.

Q: Mawawala ba ang pampublikong pabahay?

A: Hindi nag-annunsiyo ang HUD na ito ay nag-iisip na hindi ipatuloy ang pampublikong pabahay na programa. Subalit, kinailangan nilang bawasan ang halaga ng pondo na ibibigay sa mga awtoridad sa pabahay batay sa binawasang suporta ng Kongreso para sa programa. Napuna ng mga awtoridad sa pabahay, kabilang ang RHA, ang mga pagbabago sa antas ng pondo at sila ay naghahanap ng mga opsyon upang kami ay patuloy na magbibigay ng abot-kayang pabahay sa hinaharap.

Q: Ano ba ang timeline ng RHA?

A: Inaasahan ng RHA na aabot ang prosesong ito sa pagitan ng isa't kalahati at dalawang mga taon mula sa oras na ang RAD o Seksyon 18 na aplikasyon ay nasumite sa HUD, hanggang sa matapos ang konstruksyon. Maaari ito magbago depende sa tiyempo ng mga HUD na pag-aaprubang at pagsumite ng mga dokumento sa RHA.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Iyong Tulong

Q: Mawawalan ba ako ng aking pabahay?

A: Hindi. Hindi mawawala ang iyong abot-kayang pabahay dahil sa muling pagpupuwesto ng pampublikong pabahay. Lahat ng mga residente ng mga proyekto na muling ipinuwesto gamit ang RAD ay garantisadong patuloy na makakatanggap ng tulong sa pabahay. Ang mga residente ng proyekto na muling ipinuwesto sa ilalim ng kombersyon ng Seksyon 18 ay patuloy ring makakatanggap ng tulong sa pabahay kung matugunan nila ang mga panuntunan ng kita para sa programang Seksyon 8.

Q: Maaari ba akong lumipat sa ibang pampublikong pabahay na yunit kung hindi ko gusto ng isang voucher?

A: Depende sa anong naroon, maaaring ang RHA ay may opsyon na payagan kang permanenteng lumipat sa ibang pampublikong pabahay na ari-arian. Balang araw ang RHA ay magsisimulang humawak ng mga bakanteng yunit sa pampublikong pabahay para sa layuning ito, upang magbigay ng opsyong ito kapag posible. Ngunit mahalagang maintindihan na ang RHA ay maaaring magpasya na muling ipuwesto ang lahat ng pampublikong pabahay nito sa hinaharap.

Q. Tataas ba ang aking upa sa ilalim ng bagong programang ito?

A. Ang iyong bahagi ng upa ay napakaposibleng maging kapareho nang ito ay sumasailalim ng pampublikong pabahay na programa—sa pangkalahatan, hindi lalampas sa 30% ng binagong kabuuang kita sa iyong pamamahay. Sapagkat ang programang Seksyon 8 na batay sa proyekto ay nagtatakda rin sa mga upa ng residente sa 30% ng binagong kita, karamihan sa mga residente ay walang mga pagtaas sa upa bunga ng muling pagpupuwesto. Tatantyahin muli ang halaga ng upa ng ilang mga residente na nagbabayad ng nakatakandang upa sa pampublikong pabahay at maaaring tumaas ito kung 30% ng kanilang binagong kita ay mas malaki kaysa kasalukuyang nakatakandang upa.

Q: Kinakailangan pa ba ang mga inspeksyon matapos ang mga pagkumpuni (kung gayunman, gaano kadalas)?

A: Oo, kinakailangan ang mga inspeksyon sa paglipat at pag-alis. Bukod dito, ang mga inspeksyon sa Housing Quality Standards (HQS) ay isasagawa sa tuwing lumipas ang dalawang taon.

Q: Kakailanganin ko bang umalis sa programa kung ang aking pamayanan ay lumilipat sa programa ng Seksyon 8 at ako ay lumampas sa limit na kita sa ilalim ng Seksyon 8 na programa?

A: Sa ilalim ng RAD, ang mga residente na nakumberte sa Seksyon 8 sa pamamagitan ng muling pagpupuwesto at na may kita na lampas sa limit para sa Seksyon 8 na programa ay maaaring magpatuloy sa programa at hindi kinakailangang ihinto ang kanilang tulong, na siyang karaniwang kautusan sa ilalim ng mga programa sa voucher. Sa ilalim ng Seksyon 18, ang mga residente na lumampas ang kita sa limit para sa Seksyon 8 ay masasakop ng mga panuntunan ng programa para sa mga pamilyang lampas ang kita.

Q: Makikihalubilo ba ako sa mga tauhan ng Tulong sa Pag-upa ng Seksyon 8 sa ilalim ng voucher na programa?

A: Ang RHA ay patuloy na nag-aayos para piliin kung aling mga kagawaran ang mamumuno sa mga partikular na tungkulin ng programang RAD. Posible na ikaw ay makikihalubilo sa mga tauhan ng Tulong sa Pag-upa para sa mga muling sertipikasyon at inspeksyon. Ngunit, hula namin na ang halos lahat ng iyong araw-araw na pakikihalubilo ay magpapatuloy kasama ng mga tauhang namamahala at nagpapanatili sa pabahay.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodación especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

Q: Bakit ba gugustuhin ng mga residente ang mga voucher?

A: Ang mga voucher ay pinondohan mula sa mas matatag na mapagkukunan at magbibigay sa iyo ng mas madaling pagpapasya sa pili ng pabahay.

Q: Kakailanganin ko bang maghintay sa listahan ng naghihintay ng Seksyon 8 upang makakuha ng voucher sa pamamagitan ng RAD?

A: Hindi, ang mga indibidwal na mga residente sa oras ng kombersyon sa pamamagitan ng RAD ay may abuloy na awtomatikong mapapalitan ng RAD PBV. Sa ilalim ng kombersyon ng Seksyon 18, ang uri ng voucher ay magiging TPV na batay sa proyekto.

Q: Kailan ba ako mag-uumpisa sa proseso ng muling sertipikasyon?

A: Naniniwala ang RHA na ikaw ay magkakaroon ng mga petsa sa muling sertipikasyon sa anibersaryo ng iyong huling paglagda sa kontrata ng pag-arkila. Gustong ipaalala ng RHA na hindi pa namin naayos ang mga mas maliit na detalye ng aming prosesong ng muling sertipikasyon at ito ay maaaring magbago.

Relokasyon

Q: Kailangan ko bang lumipat?

A: Malamang. Ang pagbabagong-ayos ng Silverada Manor ay makabuluhan, at mas magiging ligtas kung bakante ang iyong yunit habang nangyayari ang konstruksyon dito. Maghahanap ang RHA ng isang yunit para pansamantalang titirhan mo habang nangyayari ang konstruksyon. Ang RHA ay nagbabayad sa lahat ng mga gastos sa paglilipat, kabilang ang mga deposito sa utilidad at seguridad, at sa ilalim ng kombersyon ng RAD, ikaw ay may karapatang bumalik sa iyong complex kapag tapos na ang konstruksyon.

Q: Ano ba ang pansamantalang relokasyon?

A: Ang pansamantalang relokasyon ay isang paglipat na naging kinakailangan dahil sa konstruksyon na inaatasan kang lumisan sa iyong yunit nang hindi lalampas sa 12 na buwan. Sa literal lamang, ang permanenteng paglipat sa ibang yunit sa proyekto ay itinuturing ding pansamantalang relokasyon dahil hindi ka pinilitang umalis sa ari-arian.

Q: Kung kailangan kong lumipat dahil sa konstruksyon sa aking yunit, anong mga opsyon ang iaalok sa akin?

A: Ang RHA na tauhan at HousingToHome (HTH) (ang kumpanya sa relokasyon na kinontrata ng RHA na tumulong sa mga residente ng Silverada Manor) ay makikipag-ugnayan sa iyo bago pa magsimula ang konstruksyon. Magkakaroon ng buong-panahong tauhan sa lugar ang HousingToHome upang makipagtagpo sa iyo at magbuo ng plano sa relokasyon na partikular sa iyo ang iyong pamamahay. Hindi ka magiging sapilitan at permanenteng itataboy. Tutulungan ka ng mga espesyalista ng relokasyon upang matukoy ang iyong mga pangangailangan at mahanap ang isang maihahambing na yunit para sa iyong pansamantalang kalagayan ng paninirahan. Babayaran ng RHA ang mga gastos na kaugnay sa iyong paglipat patungo at mula sa iyong pamayanan ng RAD at bibigyan ka rin ng anumang tulong sa pag-iimpake na maaari mong kailanganin.

Magkakaroon ng personalisadong plano sa relokasyon ang bawat residente na maaaring kabilang ang paglipat sa ibang pampublikong pabahay na yunit, iba pang yunit na pagmamay-ari ng RHA o gumagamit ng isang HCV na batay sa nangngupahan sa pamayanan habang may konstruksyon. Kabilang ng tulong sa relokasyon ang mga gastusin sa paglipat, mga deposito sa utilidad at seguridad, at iba pang mga gastusin na sa tingin ay kinakailangan.

Q: Sino ba ang Housing to Home?

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado language en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su language de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

A: Ang HousingToHome (also called HTH) ay ang bahay-kalakal sa reloksyon na kinontrata ng RHA na magbigay ng suporta sa mga residente ng Hawk View sa buong proseso ng reloksyon. Pinagtutuunan ng HousingToHome ang tipanan sa residente at mga serbisyo sa reloksyon at nagbigay ng suporta sa reloksyon sa mga libu-libong residente ng Pamublikong Pabahay sa mahigit na isang dosenang mga estado.

Bago pa man kinakailangan mong pansamantalang lumipat, magkakaroon ng regular na tauhan sa looban ng Silverada Manor ang HousingToHome upang makipagtagpo sa iyo at magbuo ng plano sa reloksyon na partikular sa iyo ang iyong pamamahay batay sa iyong mga pangangailangan, kagustuhan, at mapagpipilian.

Q: Kung ako ay lilipat, sino ba ang magbabayad ng aking mga gastos sa paglilipat?

A: Kung inaatasan kang lumipat ng RHA dahil sa muling pagpupuwesto ng pampublikong pabahay, hindi mo kinakailangang magbayad mula sa iyong bulsa para sa mga gastusin sa paglipat. Ang RHA ang mamahala sa mga gastusin sa paglilipat (kabilang ang mga materyales sa pag-iimpake at tulong sa pag-iimpake at paglilipat), mga deposito sa utilidad at seguridad, at iba pang mga gastusin na sa tingin ay kinakailangan. Babayaran ng RHA ang mga gastusin sa paglilipat ayon sa Uniform Relocation Act at anumang mga alituntunin ng HUD na kaugnay sa reloksyon. Protektado sa buong proseso ng kombersyon ang mga karapatan ng residente.

Q: Papaano kung gusto kong manatili sa aking yunit kung saan nagaganap ang pagpapaunlad?

A: Kahit na lahat ng mga residente ay garantisadong may karapatang bumalik sa complex ng Silverada Manor sa ilalim ng kombersyon sa RAD, hindi namin magagarantiya na lahat ng mga residente ay makakabalik sa parehong yunit na tinitirhan nila sa kasalukuyan. Makakasama mo ang espesyalista sa reloksyon upang magtaguyod sa iyong mga kagustuhan. Lahat ng paglilipat ay titingnan batay sa iba't ibang kalagayan. Bibigyan ka ng tulong sa reloksyon, at ikaw ay magkakaroon ng sariling pulong kasama ang isang espesyalista sa reloksyon upang lumikha ng isang personalisadong plan sa reloksyon. Lahat ng nangungupahan na sinabihang lumipat ay lilipat nang may tulong sa pabahay. Walang sinuman ang mawawalan ng kanilang alalay dahil sa mga epekto ng muling pagpupuwesto ng RHA.

Q: Paano ba ako aabisuhan kung kailangan kong lumipat?

A: Kung ikaw ay kinakailangang lumipat, bibigyan ka ng RHA ng abiso sa reloksyon; ito ay hindi bababa sa 30 araw bago ikaw ay nararapat na pansamantalang lumipat. Bibigyan ka namin ng pana-panahong balita sa taon ding ito at hindi umaasa na mangyayari ang reloksyon hanggang sa 2024. Ang abisong ito ay ihahatid nang personal at/o ipapadala gamit ang U.S. na koreo. Kabilang sa abiso ang importanteng impormasyon tungkol sa iyon reloksyon at isang pulong kasama ang mga espesyalista sa reloksyon na itatakda upang lumikha ng iyong personalisadong plano sa reloksyon.

Q: Ano ba ang aking mga opsyon tungkol sa reloksyon? Mayroon bang maraming opsyon?

A: Magkakaroon ng regular na tauhan sa lugar ang HousingToHome (HTH) upang makipagtagpo sa iyo at bumuo ng plano sa reloksyon na partikular sa iyo at iyong pamamahay kapag malapit na tayo sa simula ng mga pagkumpuni. Hindi ka magiging sapilitan at permanenteng itaboy. Tutulungan ka ng mga espesyalista sa reloksyon upang matukoy ang iyong mga pangangailangan at mahanap ang maihahambing na yunit para sa iyong pansamantalang kalagayan ng paninirahan. Babayaran ng RHA ang mga gastusin na kaugnay sa iyong paglipat patungo at mula sa pamayanan sa RAD at magbibigay rin ng anumang uri ng tulong sa pag-iimpake na maaaring kinakailangan mo.

Magkakaroon ng personalisadong plano sa reloksyon ang bawat residente na maaaring kabilang ang paglilipat sa ibang pampublikong pabahay na yunit, ibang yunit na pagmamay-ari ng RHA o gumagamit ng HCV na batay sa nangungupahan upang mag-arkila ng isang yunit sa

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

pamayanan habang nangyayari ang konstruksyon. Kabilang sa tulong sa reloksyon ang mga gastusin sa paglilipat, mga deposito sa utilidad at seguridad, at iba pang mga gastusin na sa tingin ay kinakailangan.

Q: Papaano kung ang isang residente ay lumipat sa ibang complex ng pampublikong pabahay o gumagamit ng HCV na batay sa nangungupahan upang umarkila ng yunit sa pamayanan at hindi gustong bumalik sa complex na binago?

A: Para sa lahat ng pansamantalang reloksyon, ang mga residente ng Silverada Manor ay maaaring ipaubaya ang kanilang karapatan na bumalik sa complex. Hihingi ang RHA ng kasulatan sa pakiusap at pagsang-ayon dito dahil ang pasya na hindi bumalik sa nakumberteng complex ay hindi maaaring mabago kapag ito ay ipinaubaya na.

Saklaw ng Trabaho

Q: Aabisuhan ba ako tungkol sa kung ano ang mga pagkumpuni na nangyayari sa aking yunit/complex?

A: Oo. Magsasagawa ng mga pulong ang RHA kasama ang mga residente upang patuloy na bigyan sila ng bagong impormasyon tungkol sa tulong sa reloksyon at mga timeline, upang magbigay ng mungkahi tungkol sa pagbabagong-ayos na kinakailangan sa kanilang complex at regular na mga balita sa buong proseso.

Q: Mayroon bang mga yunit na matitirhan ng mga may kapansanan sa pamamagitan ng RAD?

A: Oo, sumusunod ang RHA sa mga lokal at pederal na panuntunan upang magbigay ng mga yunit na matitirhan ng mga may kapansanan na residente.

Q: Nararapat bang maging masaya o hindi masaya ang mga residente tungkol sa mga ipinanukalang pagbabago?

A: Dapat maging masaya! Kahit na naiintindihan namin na ang posibilidad ng reloksyon at mga pagbabago sa uri ng tulong sa pabahay na iyong natatanggap ay nakakalito at nakakatakot, ang mga pagpapabuti sa complex at mas matatag na mapagkukunan ng pondo para sa iyong tulong sa pabahay ay mga positibong pagbabago.

Q: Anong klase ng mga pag-aayos ang kinakailangan?

A: Nakumpleto ng RHA ang isang Capital Needs Assessment (CNA) sa pamamagitan ng isang panlabas na kontrakto upang matukoy ang lawak ng trabaho na kailangan gawin sa bawat lugar ng pampublikong pabahay para masigurado ang katangian na magtagal itong nang hindi bababa sa susunod na 20 na taon. Maaaring kabilang sa mga pagkumpuni na ito ang pagpapabago ng pagtutubero at elektrikal na kagamitan sa likod ng mga pader, pagbubuhos ng kongkreto para sa mas makinis na mga daanan/hakbang, o pagpapaganda sa pamamagitan ng mga bagong kusina, sahig, at banyo. May iba't ibang pangangailangan ang bawat lugar.

Q: Sino ang nagtantiya ng ari-arian para sa mga pag-aayos?

A: Umupa ang RHA sa AEI Consultants bilang independiyenteng kontraktor upang suriin ang bawat isa sa walong pamayanan ng pampublikong pabahay at magbigay ng Capital Needs Assessment.

Mga Programa ng Residente Matapos ang Muling Pagpupuwesto

Q: Ano ang mangyayari sa aming mga pang-residenteng account sa HUD para sa mga aktibidad ng samahan?

A: Anumang mga pera na hawak ng iyong mga konseho ng residente sa oras ng kombersyon ay sa iyo pa rin nakabatay ang pagpapasyang gamitin ito sa mga aktibidad ng pamayanan. Walang pagbabago kung papaano gumagana ang mga konseho ng residente.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

Q: Makapasok pa ba ako sa Family Self-Sufficiency na programa matapos ang kombersyon?

A: Oo, may access ka pa rin sa programang FSS, tauhan ng Workforce Development at mga Programang Pangkabataan pagkatapos ng kombersyon.

Mga Tugon sa mga Tanong sa Pulong ng Residente noong Abril 4, 2023

Q: Nangyayari ba ang proyekto sa Silverada Manor ngayon o sa hinaharap pa?

A: Hindi agad magsisimula ang proyektong ito. Inaasahan naming magsisimula ang konstruksyon sa unang bahagi ng 2024.

Q: Magbabago ba ang Silverada Manor mula sa isang ari-arian ng nakatatanda patungo sa ari-arian ng pamilya matapos ang kombersyon sa RAD?

A: Hindi. Magpapatuloy bilang isang ari-arian ng nakatatanda ang Silverada Manor pagkatapos ng Kombersyon sa RAD.

Q: Napili na ba ang developer para sa Silverada Manor?

A: Hindi. Magpapalabas ang RHA ng Request for Qualification (RFQ) sa Abril 2023 bilang bahagi ng proseso sa pagtutukoy at pagpipili ng developer para sa proyekto sa Silverada Manor.

Q: Anong klaseng mga pagbabago ang magaganap sa mga yunit at bakuran ng Silverada Manor?

A: Sa Abril 2023, masyadong maaga para malaman ang partikular na mga detalye o saklaw ng pagbabagong-ayos para sa proyektong ito; umaasa ang RHA na gumawa ng mga matag na pagkumpuni sa buong ari-arian ng Silverada Manor kabilang ang mga bakuran, gusali ng pamayanan, at mga paradahan. Nakadepende ang lawak ng pagkumpuni sa badyet, partner sa pagpapaunlad, saklaw ng trabaho atbp. Ngunit umaasa kami na pagbutihin ang lahat ng mga sulok dito.

Magpapalabas ang RHA ng isang Request for Qualification (RFQ) sa Abril 2023 bilang bahagi ng proseso sa pagtutukoy at pagpipili ng developer para sa proyekto sa Silverada Manor. Kapag may napili nang isang developer, mas maraming detalyadong mga plano na kaugnay ng proyekto ang mabubuo, at ibabahagi ang mga planong iyon sa mga residente.

Q: Wawasakin ba ng RHA ang Silverada Manor?

A: Hindi gigibain ng RHA ang Silverada Manor. Mananatili ang mga gusali, pero naghahangad ang RHA na gumawa ng isang malawakang pagbabagong-ayos na posible hanggang makita ang mga balangkas sa mga yunit.

Q: Papaano kung ako ay kasalukuyang nasa isang mas malaki o mas maliit na yunit kumpara sa yunit na kwalipikado ang aking pamilya?

A: Pagdating sa relokasyon, magtatangka ang RHA na ilipat ang mga residente sa mga yunit na tugma sa mga pamantayan ng pag-ookupa ng RHA sa ilalim ng programa sa pagtulong na iniaalok ng mga residente (i.e., PH na programa o voucher na programa).

Q: Ano ang gagawin ko sa mga lumang kagamitan o bagay na maaaring hindi ko gustong dalhin kapag ako ay lumipat

A: Ang RHA ay kasalukuyang panloob na nagtatrabaho upang matukoy ang mga opsyon para maitapon ng mga residente ang mga hindi-gustong bagay bago sila lumipat. Maaaring kabilang ang mga pagtitinda sa bakuran o mga basurahan/mga tauhan sa paglilipat sa lugar bago lumipat ang nangungupahan. Mangyaring tandaan na ang huling pagpapasya tungkol dito ay hindi pa naganap hanggang sa Abril 2023.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.



Executive Director
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

Q: Agad bang lilipat ang lahat ng mga residente?

A: Sa Abril 2023, isang huling pagpapasya ang hindi pa nagawa tungkol dito at ang huling pagpapasya ay nakadepende sa maraming salik na hindi ba natukoy. Kagustuhan ng RHA na unti-unting umpisahan ang konstruksyon upang mabawasan ang epekto sa bilang ng mga tao na kinakailangang lumipat sa kahit anumang oras. Siguradong ibabahagi ng RHA ang impormasyong ito sa mga residente sa lalong madaling panahon.

Q: Maaapektuhan ba ng Proyekto sa Silverada Manor ang mga residenteng may alagang hayop?

A: Ang mga residenteng may mga alagang hayop ay maaaring bumalik sa Silverada Manor na dala-dala ang kanilang mga alagang hayop na iyon. Ang Espesyalista sa Pabahay mula sa Housing to Home ay tutulong din sa mga residente na maghanap ng mga pansamantalang lugar na tumatanggap ng mga alagang hayop.

Q: Ano ba ang voucher na batay sa nangungupahan?

A: Pinahihintulutan ng isang voucher na batay sa nangungupahan na makaupa ka ng pabahay sa pribadong pamilihan ng paupahan. Sa pamamagitan ng voucher na ito, maaari kang pumili na umalis sa iyong kasalukuyang ari-arian kung kailangan mong lumipat nang mas malapit sa pamilya, luga na pinagtatrabahuan, paaralan, o para sa anumang iba pang dahilan, habang patuloy na nakikinabang mula sa abuloy sa paupahan. Ang Housing Choice Voucher ay isang voucher na batay sa nangungupahan.

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan tungkol sa mga voucher na batay sa nangungupahan, mangyaring tiyak na pag-usapan ito kasama ng Espesyalista sa Relokasyon ng Housing to Home kapag nagtagpo kayo upang magbuo na iyong plano sa relokasyon.

Bukod dito, mangyaring huwag mag-atubiling magtanong sa tauhan ng RHA o direktang magpadala ng email kalakip ang iyong tanong sa silvproject@renoha.org

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su language de preferencia.